# Mga Benepisyo para sa Mga Batang May Kapansanan

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Panimula | 1 |
| Mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI) para sa mga batang may kapansanan | 2 |
| Mga benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI) para sa mga nasa hustong gulang na may kapansanan simula pagkabata | 4 |
| Pag-a-apply para sa mga pagbabayad ng SSI o mga benepisyo ng SSDI at kung paano kayo makakatulong | 5 |
| Mga programa ng suporta sa pagtatrabaho para sa mga kabataang may kapansanan | 6 |
| Medicaid at Medicare | 7 |
| Children's Health Insurance Program | 7 |
| Iba pang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan | 7 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 8 |


## Panimula

Ang booklet na ito ay para sa mga magulang, caregiver, o kinatawan ng mga batang wala pang 18 taong gulang na may kapansanang maaaring maging dahilan upang maging kwalipikado silang makatanggap ng mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI). Para din ito sa mga nasa hustong gulang na nagkaroon ng kapansanan noong pagkabata (bago maging 22 taong gulang), at na maaaring may karapatang makatanggap ng mga benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI). (Ang benepisyo ng SSDI na ito ay tinatawag naming benepisyo para sa "bata" dahil binabayaran ito batay sa tala ng mga kita sa Social Security ng magulang.)

Tutulungan kayo ng booklet na ito na magpasya kung kayo, ang inyong anak, o ang isang batang kilala ninyo ay maaaring kwalipikado para sa SSI o Social Security.

## Mga pagbabayad ng Supplemental Security Income (SSI) para sa mga batang may kapansanan

Nagbibigay ang SSI ng mga buwanang pagbabayad sa mga taong may mababang kita at limitadong mapagkukunan na 65 taong gulang na pataas, o bulag, o may kapansanan. Kung wala pang 18 taong gulang ang inyong anak, maaaring siyang maging kwalipikado kung mayroon siyang kundisyon sa pisikal na pangangatawan o pag-iisip, o kumbinasyon ng mga kundisyon, na tumutugma sa kahulugang ibinigay ng Social Security sa kapansanan para sa mga bata, at kung ang kanyang kita at mga mapagkukunan ay napapaloob sa mga limitasyon ng kwalipikasyon. Ang halaga ng pagbabayad ng SSI ay magkakaiba depende sa estado dahil may ilang estadong nagdaragdag sa pagbabayad ng SSI. Maaari kayong makakuha sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security ng higit pang impormasyon tungkol sa kabuuang pagbabayad ng SSI ng inyong estado.

### Mga panuntunan ng SSI tungkol sa kita at mga mapagkukunan

Isinasaalang-alang namin ang kita at mga mapagkukunan ng inyong anak sa pagpapasya kung kwalipikado ang inyong anak para sa SSI. Isinasaalang-alang din namin ang kita at mga mapagkukunan ng mga miyembro ng pamilya na nakatira sa iisang bahay kasama ng bata. Nalalapat ang mga panuntunang ito kung nakatira sa inyong bahay ang inyong anak. Nalalapat din ang mga ito kung hindi siya nakatira sa inyong bahay upang mag-aral ngunit umuuwi paminsan-minsan at inyong binabantayan.

Kung ang kita at mga mapagkukunan ng inyong anak, o ang kita at mga mapagkukunan ng mga miyembro ng pamilya na nakatira sa iisang bahay kasama ng bata, ay mahigit sa halagang pinapayagan, tatanggihan namin ang aplikasyon ng bata para sa mga pagbabayad ng SSI.

Nililimitahan namin ang buwanang pagbabayad ng SSI sa $30 kapag nasa medikal na pasilidad ang bata, at health insurance ang nagbabayad para sa kanyang pangangalaga.

### Mga panuntunan ng SSI kaugnay ng kapansanan

Dapat matugunan ng inyong anak ang lahat ng sumusunod na kinakailangan upang maituring na may kapansanan at, dahil dito, maging kwalipikado para sa SSI:

- Ang bata, na hindi bulag, ay hindi dapat nagtatrabaho o kumikita ng mahigit sa $1,180 kada buwan sa taong 2018. Ang isang batang bulag ay hindi dapat nagtatrabaho o kumikita ng mahigit sa $1,970 (karaniwang nagbabago taun-taon ang halaga ng mga kitang ito.)
- Ang bata ay mayroon dapat kundisyon sa pisikal na pangangatawan o pag-iisip, o kumbinasyon ng mga kundisyon, na dahilan ng “mga kapansin-pansin at matinding limitasyon sa pagkilos.” Nangangahulugan ito na dapat ay malubhang nalilimitahan ng (mga) kundisyon ang mga aktibidad ng inyong anak.
- Dapat ay nagpahirap, o inaasahang magpapahirap, ang (mga) kundisyon ng bata sa kanyang pagkilos sa loob ng 12 buwan o mas matagal pa; o dapat ay inaasahang magreresulta ang (mga) kundisyon sa kamatayan.

### Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kundisyon ng inyong anak

Kapag nag-apply kayo para sa mga pagbabayad ng SSI para sa inyong anak batay sa isang kapansanan, hihingi kami sa inyo ng detalyadong impormasyon tungkol sa medikal na kundisyon ng bata at tungkol sa kung paano ito nakakaapekto sa kanyang kakayahang magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad. Hihilingin din namin sa inyong bigyan ng pahintulot ang mga doktor, guro, therapist, at iba pang propesyonal na may impormasyon tungkol sa kundisyon ng inyong anak na ipadala ang impormasyon sa amin.

Kung may kopya kayo ng anumang medikal na tala o tala sa paaralan ng inyong anak, pakidala ito. Makakatulong ito sa pagpapabilis ng proseso ng pagpapasya.

### Ano ang sunod na mangyayari?

Ipapadala namin ang lahat ng impormasyong ibibigay ninyo sa amin sa tanggapan ng Disability Determination Services (DDS) sa inyong estado. Susuriin ng mga doktor at iba pang kawaning sumailalim sa pagsasanay sa ahensya ng estado na iyon ang impormasyon, at hihilingin nila ang mga medikal na tala at tala sa paaralan ng inyong anak, at anumang iba pang impormasyong kinakailangan sa pagpapasya kung natutugunan ng inyong anak ang aming mga pamantayan para sa kapansanan.

Kung hindi makapagpasya ang ahensya ng estado kaugnay ng kapansanan gamit lang ang medikal na impormasyon, mga tala sa paaralan, at iba pang impormasyong mayroon sila, maaaring hilingin nila sa inyong ipasailalim ang inyong anak sa isang medikal na eksaminasyon o pagsusuri. Kami ang magbabayad para sa eksaminasyon o pagsusuri.

### Maaari kaming magbigay ng mga agarang pagbabayad ng SSI para sa inyong anak

Maaaring abutin ang ahensya ng estado nang tatlo hanggang limang buwan bago makapagpasya kung natutugunan ng inyong anak ang aming mga pamantayan para sa kapansanan. Gayunpaman, para sa ilang medikal na kundisyon, agad kaming nagbibigay ng mga pagbabayad ng SSI, at hanggang anim na buwan, habang nagpapasya ang ahensya ng estado kung may kwalipikadong kapansanan ang inyong anak.

Ang sumusunod ay *ilan* sa mga kundisyong maaaring kwalipikado:

- Ganap na pagkabulag
- Ganap na pagkabingi
- Cerebral palsy
- Down syndrome
- Muscular dystrophy
- Matinding intelektwal na kapansanan (para sa batang 4 na taong gulang pataas)
- May sintomas na impeksyon ng HIV
- Timbang sa kapanganakan na wala pang 2 pounds, 10 ounces — Sinusuri namin ang mababang timbang sa kapanganakan ng mga sanggol mula pagkasilang hanggang maging 1 taong gulang at ang hindi naaayon na paglaki ng mga sanggol at bata mula pagkasilang hanggang maging 3 taong gulang. Ginagamit namin ang timbang sa kapanganakan ng sanggol na nakadokumento sa isang orihinal o nasertipikahang kopya ng birth certificate ng sanggol o sa isang medikal na talang nilagdaan ng isang doktor.

Kung ang inyong anak ay mayroon ng isa sa mga kwalipikadong kundisyon, makakatanggap siya kaagad ng mga pagbabayad ng SSI. Kung sa huli ay mapagpasyahan ng ahensya ng estado na hindi ganoon kalubha ang kapansanan ng inyong anak para sa SSI, hindi ninyo kailangang bayaran ang mga pagbabayad ng SSI na natanggap ng inyong anak.

### Mga pagsusuri sa kapansanan para sa SSI

Pagkatapos magsimulang makatanggap ng SSI ng inyong anak, inaatas ng batas na suriin namin ang medikal na kundisyon ng inyong anak paminsan-minsan upang patunayang natutugunan pa rin ng kanyang kundisyon ang aming mga pamantayan. Dapat naming isagawa ang pagsusuring ito:

- Kahit isang beses lang kada tatlong taon para sa mga batang wala pang 18 taong gulang na may mga kundisyong inaasahang bubuti; at
- Sa unang kaarawan para sa mga sanggol na nakakatanggap ng mga pagbabayad ng SSI dahil sa mababa nilang timbang sa kapanganakan. Kung matukoy namin na hindi inaasahang bubuti ang kanilang medikal

na kundisyon sa kanilang unang kaarawan, maaari naming itakda ang pagsusuri sa mas matagal na petsa.

Maaari kaming magsagawa ng pagsusuri sa kapansanan kahit na hindi inaasahang bubuti ang kundisyon ng inyong anak. Kapag nagsasagawa kami ng pagsusuri, dapat kayong magbigay ng ebidensya na lubha pa ring nalilimitahan ng kapansanan ng inyong anak ang kanyang mga pang-araw-araw na aktibidad at na nakakatanggap ang inyong anak ng paggamot na itinuturing na medikal na kinakailangan para sa kanyang medikal na kundisyon.

### Ano ang mangyayari kapag naging 18 taong gulang na ang inyong anak

Sa programa ng SSI, ituturing na nasa hustong gulang na ang isang bata sa edad na 18, at gumagamit kami ng iba't ibang medikal at hindi medikal na panuntunan sa pagpapasya kung maaaring tumanggap ang isang taong nasa hustong gulang na ng mga pagbabayad ng SSI para sa kapansanan. Halimbawa, hindi namin binibilang ang kita at mga mapagkukunan ng mga miyembro ng pamilya, maliban sa asawa, sa pagpapasya kung natutugunan ng isang taong nasa hustong gulang ang mga pampinansyal na limitasyon para sa SSI. Ang kita at mga mapagkukunan ng nasa hustong gulang at ng asawa lang niya ang binibilang namin. Ginagamit din namin ang mga panuntunan sa kapansanan para sa mga nasa hustong gulang sa pagpapasya kung ang isang taong nasa hustong gulang ay may kapansanan.

- Kung nakakatanggap na ang inyong anak ng mga pagbabayad ng SSI, dapat naming suriin ang medikal na kundisyon ng bata kapag naging 18 taong gulang na siya. Karaniwan naming ginagawa ang pagsusuring ito sa unang taon simula sa ika-18 kaarawan ng inyong anak. Gagamitin namin ang mga panuntunan sa kapansanan para sa nasa hustong gulang upang pagpasyahan kung kwalipikado para sa SSI ang inyong 18 taong gulang na anak.
- Kahit na hindi kwalipikado ang inyong anak para sa SSI bago ang kanyang ika-18 taong kaarawan dahil masyadong malaki ang kita ninyo ng inyong asawa o masyado kayong maraming mapagkukunan, maaari siyang maging kwalipikado para sa SSI sa edad na 18.

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI)* (Publication No. 05-11000-TL).

## Mga benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI) para sa mga nasa hustong gulang na may kapansanan simula pagkabata

Magbabayad ang programa ng SSDI ng mga benepisyo sa mga nasa hustong gulang na may kapansanang mayroon na sila bago pa sila maging 22 taong gulang. Ang benepisyo ng SSDI na ito ay itinuturing naming benepisyo para sa "bata" dahil binabayaran ito batay sa tala ng mga kita sa Social Security ng magulang.

Upang magkaroon ng karapatan ang isang nasa hustong gulang na makatanggap ng benepisyo para sa "bata," dapat matugunan ng isa sa kanyang mga magulang ang mga sumusunod:

- Dapat ay nakakatanggap ng mga benepisyo para sa retirado o may kapansanan mula sa Social Security; o
- Dapat ay patay na at nagtrabaho nang sapat upang maging kwalipikado para sa Social Security.

Ang mga benepisyong ito ay ibinabayad din sa isang taong nasa hustong gulang kung mayroon siyang kapansanan sa edad na 18, at kung nakatanggap siya ng mga benepisyo para sa mga dependent batay sa tala ng mga kita sa Social Security ng isang magulang bago siya maging 18 taong gulang. Ang mga batang nakakatanggap ng mga benepisyo bilang menor de edad batay sa tala sa Social Security ng isang magulang ay maaaring maging kwalipikadong patuloy na makatanggap ng mga benepisyo batay sa tala ng magulang na iyon

kapag naging 18 taong gulang na siya kung mayroon siyang kapansanan. Isinasagawa namin ang pagpapasya hinggil sa kapansanan gamit ang mga panuntunan sa kapansanan para sa mga nasa hustong gulang.

Magpapatuloy ang mga benepisyo para sa "bata" mula sa SSDI para sa may kapansanang nasa hustong gulang hangga't mananatiling may kapansanan ang indibidwal. Maaaring makaapekto ang pagpapakasal ng isang taong may kapansanang nasa hustong gulang na nakakatanggap ng benepisyo para sa "bata" sa kanyang kwalipikasyon sa benepisyong ito. Hindi kailangan ng inyong anak ng karanasan sa pagtatrabaho upang matanggap ang mga benepisyong ito.

### Paano namin tinutukoy kung ang inyong anak ay may kapansanan at may karapatang makatanggap ng mga benepisyo para sa "bata" mula sa SSDI

Kung ang inyong anak ay 18 taong gulang pataas, susuriin namin ang kanyang kapansanan sa paraang ginagamit namin sa pagtukoy ng kapansanan para sa sinumang nasa hustong gulang. Ipapadala namin ang aplikasyon sa Disability Determination Services sa inyong estado na magpapasya hinggil sa kapansanan para sa amin. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano namin tinutukoy ang kapansanan para sa mga nasa hustong gulang, basahin ang *Mga Benepisyo para sa May Kapansanan* (Publication No. 05-10029-VI) *Disability Benefits*.

## Pag-a-apply para sa mga pagbabayad ng SSI o mga benepisyo ng SSDI at kung paano kayo makakatulong

Maaari kayong mag-apply para sa mga pagbabayad ng SSI o mga benepisyo ng SSDI para sa inyong anak sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na numero ng Social Security na **1-800-772-1213** o sa pamamagitan ng pagbisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security. Kung nag-a-apply kayo para sa mga pagbabayad ng SSI para sa inyong anak, dapat ay alam ninyo ang kanyang Social Security number at dala ninyo ang kanyang birth certificate. Kung nag-a-apply kayo para sa mga benepisyo ng SSDI para sa inyong anak batay sa sarili ninyong tala ng mga kita, dapat ay alam ninyo ang sarili ninyong Social Security number, o ang Social Security number ng nagretiro, may kapansanan, o namatay na magulang na nagmamay-ari sa talang gagamitin sa paghahain ng claim sa SSDI, bukod pa sa Social Security number at birth certificate ng bata.

Matutulungan ninyo kaming magpasya sa pamamagitan ng:

- Pagsasabi sa amin ng lahat ng impormasyong alam ninyo tungkol sa (mga) medikal na kundisyon ng inyong anak;
- Pagbibigay sa amin ng mga petsa ng mga pagbisita sa mga doktor o ospital, numero ng account ng pasyente para sa sinumang doktor o anumang ospital, at anumang iba pang impormasyong makakatulong sa aming makuha ang mga medikal na tala ng inyong anak; at
- Pagbibigay sa amin ng mga kopya ng anumang medikal na ulat o impormasyong mayroon kayo.

***TANDAAN:*** *Hindi ninyo kailangang humiling ng impormasyon mula sa mga doktor ng inyong anak. Direkta kaming makikipag-ugnayan sa kanila para sa mga ulat o impormasyong kailangan namin sa pagpapasya kaugnay ng kapansanan ng inyong anak.*

Kung wala pang 18 taong gulang ang inyong anak at nag-a-apply siya para sa SSI, dapat kayong magbigay ng mga tala kung saan makikita ang inyong kita at mga mapagkukunan, pati na rin ang kita at mga mapagkukunan ng inyong anak. Hihilingin din namin sa inyong ilarawan kung paano nakakaapekto ang kapansanan ng inyong anak sa kanyang kakayahang magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad. Bukod pa rito, hihingin namin ang mga pangalan ng mga guro, day care provider, at miyembro ng pamilya na makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa

kung paano kumikilos ang inyong anak. Kung mayroon kayong mga tala sa paaralan, dapat ninyo itong dalhin sa panayam.

Sa maraming komunidad, may mga espesyal na kasunduan kami kasama ng mga medikal na provider, ahensya ng serbisyong panlipunan, at paaralan upang matulungan kaming makuha ang ebidensyang kailangan namin upang maproseso ang claim ng inyong anak. Gayunpaman, ang pagtulong ninyo sa pagkalap sa mga tala at iba pang impormasyon ay makakatulong sa mabilis naming pagtatrabaho.

## Mga programa ng suporta sa pagtatrabaho para sa mga kabataang may kapansanan

Marami kaming paraan upang hikayatin ang mga kabataang nakakatanggap ng mga pagbabayad ng SSI o benepisyo ng SSDI at gustong magtrabaho.

### Sa ilalim ng SSI:

- Kapag tinutukoy namin ang buwanang pagbabayad ng SSI para sa inyong anak, hindi namin binibilang ang karamihan sa kita ng inyong anak. Kung wala pang 22 taong gulang ang inyong anak, at isa siyang mag-aaral na regular na pumapasok sa paaralan, mas malaking porsyento ng kanyang buwanang kita ang hindi namin binibilang. Sa taong 2018, maaaring hindi bilangin ang $1,820 ng buwanang kita ng mga may kapansanang mag-aaral na wala pang 22 taong gulang, at mayroon itong taunang limitasyon na $7,350, sa pagsasaalang-alang sa kanilang kita para sa SSI. Maaaring tumaas ang mga limitasyong ito kada taon.
- Sa Plan to Achieve Self-Support (PASS), maiipon ng isang batang 15 taong gulang pataas ang ilang porsyento ng kanyang kita at mga mapagkukunan upang makapagbayad para sa edukasyon at iba pang bagay na kinakailangan upang makapagtrabaho. Hindi namin binibilang ang inipong porsyento ng kita kapag tinutukoy namin ang kita ng inyong anak para sa SSI. Hindi namin binibilang ang inipong kita at mga mapagkukunan kapag tinutukoy namin ang halaga ng pagbabayad para sa inyong anak. Magbasa pa tungkol sa PASS sa ***www.socialsecurity.gov/disabilityresearch/wi/pass.htm***.
- Dahil sa (mga) medikal na kundisyon, maaaring mangailangan ang inyong anak ng ilang partikular na kagamitan at serbisyo upang makapagtrabaho, gaya ng wheelchair o personal na assistant. Kapag tinutukoy ang pagbabayad ng SSI para sa inyong anak, hindi namin bibilangin ang ilang porsyento, o ang kabuuan, ng halagang ibinabayad para sa mga kagamitan at serbisyong ito bilang bahagi ng mga kita ng inyong anak.
- Ang inyong anak na mahigit 15 taong gulang ay maaaring makatanggap ng tulong sa rehabilitasyon at pagsasanay.
- Magpapatuloy ang pagsaklaw ng Medicaid kahit na sapat na ang halaga ng mga kita ng inyong anak upang ihinto ang buwanang pagbabayad ng SSI hangga't mas mababa ang mga kita sa isang partikular na halaga.

### Sa ilalim ng SSDI:

- Maaaring matanggap ng isang taong nasa hustong gulang na nagkaroon ng kapansanan bago maging 22 taong gulang ang parehong tulong sa mga gastusin sa trabaho na ipinaliwanag sa itaas para sa isang batang nakakatanggap ng SSI, at maaari din siyang makatanggap ng tulong sa rehabilitasyon at pagsasanay.
- Maaaring magpatuloy ang mga pagbabayad ng benepisyo hangga't hindi kayo nagkakaroon ng lubos na maaasahang trabaho. Para sa taong 2018, ituturing namin kayo bilang may lubos na maaasahang trabaho kung ang mga buwanang kita ninyo ay mahigit sa $1,180 para sa mga benepisyaryong hindi bulag ($1,970 kung bulag kayo).

Maaari kayong makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga programang ito sa aming website na ***www.socialsecurity.gov***,

sa pamamagitan ng pagtawag sa aming toll-free na numero na **1-800-772-1213**, o sa pamamagitan ng pagbabasa sa ***www.socialsecurity.gov/redbook***.

## Medicaid at Medicare

Ang Medicaid ay isang programa sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may mabababang kita at mga limitadong mapagkukunan. Sa karamihan ng mga estado, ang mga batang nakakatanggap ng mga pagbabayad ng SSI ay kwalipikado para sa Medicaid. Sa maraming estado, awtomatikong kasama ang Medicaid sa kwalipikasyon sa SSI. Sa ibang estado, dapat kayong magpatala para dito. May ilang batang maaaring makatanggap ng pagsaklaw ng Medicaid kahit na hindi sila kwalipikado para sa SSI. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security, sa ahensya ng Medicaid sa inyong estado, o sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng inyong estado o county.

Ang Medicare ay isang programa ng health insurance ng pederal na pamahalaan para sa mga taong 65 taong gulang na pataas, at para sa mga taong dalawang taon mahigit nang nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security para sa kapansanan.

May dalawang pagbubukod sa panuntunang ito. Maaaring makatanggap kaagad ng Medicare ang inyong may kapansanang anak na nasa hustong gulang kung siya ay:

- May hindi gumagaling na sakit sa bato at nangangailangan ng pag-transplant ng bato o maintenance dialysis; o
- May Lou Gehrig's disease (amyotrophic lateral sclerosis).

## Children's Health Insurance Program

Sa pamamagitan ng Children's Health Insurance Program, makakapagbigay ang mga estado ng health insurance sa mga batang mula sa mga nagtatrabahong pamilya na kumikita nang masyadong malaki upang maging kwalipikado para sa Medicaid, ngunit masyadong mababa upang makabili ng pribadong health insurance. Nagbibigay ang programa ng pagsaklaw para sa mga inireresetang gamot at mga serbisyo sa kalusugan ng paningin, pandinig, at pag-iisip, at mayroon nito sa lahat ng 50 estado at sa District of Columbia. Makakapagbigay ang ahensya ng Medicaid sa inyong estado ng higit pang impormasyon tungkol sa programang ito, o maaari kayong makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa pagsaklaw para sa inyong mga anak sa ***www.insurekidsnow.gov*** sa Internet o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-877-543-7669**.

## Iba pang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Kapag nakakatanggap ang inyong anak ng SSI, ire-refer namin kayo sa mga lugar kung saan kayo makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa inyong anak. Ang mga serbisyong ito ay napapailalim sa probisyon na Mga Batang may Mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Social Security Act. Ang mga ahensyang pangkalusugan ng estado ang karaniwang namamahala sa mga programang ito.

Iba-iba ang tawag ng mga estado sa mga serbisyong ito, kabilang ang Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan para sa Mga Bata, Mga Medikal na Serbisyo para sa Mga Bata, at Programa para sa Mga Batang May Kapansanan. Ang karamihan sa mga programa ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng mga klinika, pribadong tanggapan, center ng paggamot para sa outpatient at inpatient na nasa ospital, o ahensya ng komunidad.

Kahit na hindi nakakatanggap ang inyong anak ng SSI, maaaring makatulong sa inyo ang isa sa mga programang ito. Matutulungan kayo ng mga lokal na departamento ng kalusugan, tanggapan ng panlipunang serbisyo, o ospital na makipag-

ugnayan sa inyong lokal na programa ng Mga Batang may Mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10026-TL | January 2018
Mga Benepisyo para sa Mga Batang May Kapansanan
Benefits For Children With Disabilities (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito